Pagsusuri sa Antas ng Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Filipino

DOMINGA S. TOMAS
d.tomas@bsu.edu.ph
Benguet State University

Abstrak — Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino at mga salik na nakaaapekto sa kanilang kakayahang panggramatika. Nilalayon din nitong makalinang ng isang interbensyon upang lalong mapaunlad ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, natuklasan na mataas ang antas ng kakayahan mga mag-aaral sa iba't ibang bahagi ng panalita maliban sa pananda na katamtaman ang antas na natamo ng mga mag-aaral. Ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino ay ang interes, eksposyur sa *social media*, estratehiya sa pagtuturo, kaalaman sa tuntuning panggramatika at aklat o mga sanggunian. Mula sa mga resultang ito, ang interbensyong nabuo para mapaunlad ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral ay palihan.

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo: kailangan pang paunlarin ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino; maraming mga salik ang nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral;

Batay sa kinalabasan at nabuong kongklusyon, iminumungkahi ang mga sumusunod: paunlarin ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagsasanay na makatutulong sa kanilang lubos na pagkatuto; isaalang-alang ang iba't ibang salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral para sa paghahanda ng

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

mga gawain o pamamaraan na makatutulong sa kanilang pagkatuto; at magplano ang mga guro ng mga palihan o iba pang *seminar* upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Susing-salita: kakayahang pangwika, lingguwistika, kamalian, gramatika

I. INTRODUKSYON

Napakahalaga ang papel na ginagampanan ng wika sa ating buhay dahil ito ang nag-uugnay sa bawat isa upang maipabatid ang opinyon, saloobin at kaisipan sa kapwa. Kaya't nararapat lamang na ang isang indibidwal ay maalam sa wika dahil ito ang kaniyang ginagamit sa kaniyang pang-araw-araw na pakikisalamuha. Ayon kay Marigza (2014), nangyayari ang mabisang pagkatuto kung nagsimula nang makipagtalastasan ang tao sa isang pamayanan o komunidad. Nabibigyang-diin ang organisasyon at estruktura ng wika sa paaralan na lumilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito upang makapagpahayag siya nang mabisa sa iba't ibang sitwasyon.

Ang bawat mag-aaral ay kailangang may ganap na kakayahan sa paggamit ng wika upang mabisang maipahayag ang kaniyang sarili sa iba't ibang sitwasyon. Upang matamo ito, ayon kay Kis-ing (2009), maliban sa mga taglay na kaalaman ng guro sa mga simulain ng pagtuturo at pagkatuto ay kailangan din niya ng sapat na kasanayang pangwika upang mapagtagumpayan niya ang kaniyang tungkulin at sa gayon ay magkaroon ng maayos na interaksyon sa klase.

Sa pag-aaral ni Mintas (2013), isa sa mga nakahahadlang sa pagkatuto ng wika ay ang

kahinaan sa gramatika. Marami sa mga mag-aaral ang natatakot na gumamit ng kanilang pangalawang wika dahil sa takot na magkamali. Kailangang may sapat na kaalaman ang isang mag-aaral upang mahusay nitong mailapat ang tuntunin ng wika. Ayon kay Lachica (1999), mahalaga ang ginagampanan ng gramatika sa pagpapahayag. Hindi sapat ang pagpili ng mga salita lamang sa pagpapahayag bagkus kailangan ding nasusunod ang wastong kaayusan ng mga salita. Kaniyang binanggit na napakahalagang magsama ang tamang pagpili ng mga salita na siya namang sakop ng retorika at ang tamang kaayusan ng mga salita na siya namang sakop ng gramatika.

Dapat bigyang-pansin sa pagtuturo ang gramatika upang mapahalagahan ang wastong gamit nito. Pagtuunan ng pansin ang alituntuning panggramatika upang sa gayon ay malinang ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

kakayahan, mapayaman ang kaalaman at maiwasto ang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagsasalita. Binanggit ni Lartec (2001) na ang kaalaman at kakayahang pangwika ay kakambal ng pag-unawa at pagkatuto sa anumang larangan ng edukasyon. Wika ang ginagamit sa anumang asignatura upang magkaroon ng interaksyon ang guro at mga mag-aaral. Kailangan kung gayon na ang isang mag-aaral ay marunong gumamit ng wika at magkaroon ng kasanayan dito upang mapabuti at mapaunlad ang kaniyang pakikipag-ugnayan sa kapwa. Samakatuwid, kailangang magtaglay ang guro ng isang libo't isang mabubuting katangiang naaayon sa simulain ng edukasyon at sikolohiya. Higit sa lahat, ang kasanayang pangwika upang magampanan ang tungkuling ito.

Isa itong malaking responsibilidad na nakaatang sa balikat ng guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral upang matamo ang kahusayan sa wika lalo na at siya ang tagahatid ng karunungan sa mga mag-aaral. Patunay ito na ang kahusayan sa gamit ng wika sa pakikipagtalastasan ay mahalagang kakayahan sa pagtatagumpay ng isang tao. Kailangang malinang ang kanilang kakayahang linggwistika *(linguistic competence)* o kakayahang makabuo ng mga pahayag o pangungusap na may wastong balarila at ang kakayahang komunikatibo o makagamit ng mga pangungusap na may wastong balarila at may kakayahan pa ring ipakita at gamitin ang alinmang gawi ng pakikipag-usap at maging sa pagsusulat na angkop at naaayon sa hinihingi ng sitwasyon (Epistola, 2000). Kahit anong larangan ang piliin niyang pasukin, ang kahusayan sa wika ang magiging sandata niya sa kaniyang tagumpay (Abyado, 2016). Para mapaunlad ang kakayahang ito, kailangang pagtuunan ng pansin ang wastong paggamit ng mga mag-aaral sa gramatika at angkop sa anumang pagkakataon. Sakop ng gramatika ang bahagi ng panalita na may dalawang dibisyon, dalawang malalaking kategoryang binubuo ng sub-kategorya (Santiago at Tiangco, 2003). Ito ay ang salitang pangnilalaman *(content words)* at salitang pangkayarian *(function words)*. Nakapaloob sa salitang pangnilalaman ang nominal (pangngalan, panghalip), pandiwa at mga panuring (pang-uri, pang-abay) habang sa salitang pangkayarian ay ang pang-ugnay (pangatnig, pang-angkop, pang-ukol) at mga pananda (pantukoy, pangawing).

Sa isinagawang pag-aaral ni Abyado (2016), lumabas na may mababang antas ng kakayahan ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa gramatika, gamit ng wika, at katamtamang antas ng kakayahan sa pag-unawang nilalaman batay sa kinalabasan ng pretest. Sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

magkasanib naman na pag-aaral nina Lartec at Perey (2010), napag-alaman na hindi pa ganap na nalilinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa University of the Cordilleras.

Ito ang nag-udyok sa mananaliksik na pag-aralan ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga magiging guro sa Filipino upang malaman kung anong bahagi ng panalita ang higit na pagtutuunan ng pansin para mapagbuti ito at malinang ang kanilang kakayahan. Makatutulong ito sa mga guro upang maidisenyo ang anumang interbensyon na ibibigay sa mga mag-aaral na tutugon sa kanilang pangangailangan at mabigyan nang sapat na pundasyon sa pagkatuto ng wika. Inaasahang makatutulong din ang pag-aaral na ito sa mga gurong nagtuturo sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na magkaroon ng ideya kung paano nila mapaunlad ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.

Batayang Konseptwal

Inilahad sa bahaging ito ang mga teorya at mga konsepto. Ito ang naging gabay sa pagsusuri sa mga datos hinggil sa kakayahang pang- gramatika ng mga mag-aaral. Ginamit na batayan ang konsepto ng lingguwistika, sikolingguwistika at sosyolingguwistika. Mahalaga ang mga konseptong ito upang malinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.

Kakayahang Panlingguwistika

Ang lingguwistika ay isang maagham na pag-aaral ng wika. Pinag-aaralan dito ang istruktura, katangian, pag-unlad at iba pang bagay na may kaugnayan sa isang wika at ang relasyon nito sa ibang wika (Lachica, 1999). Ayon kay Chomsky (1965) ang kakayahang panglinggwistika ay ang internal na sistema ng mga palisi o batas sa paggamit ng istruktura ng wika na nag-aadya sa isang ispiker na makilala ang malalim at mababaw na istruktura ng isang pangungusap, pahayag at isang uri ng wika na makatukoy o makakilala ng isang matibay at marupok na pangungusap at makaunawa ng nilalaman ng isang pangungusap na hindi pa narriringig noon o kailanman. Para sa isang may kakayahang linggwistika, ang pagkatuto ng wika ay hindi isang kagawian *(habit)*,

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

panggagaya *(imitation)*, pagkokondisyon subalit isang produkto at malikhaing aktibidad sa halip na isang pangkaraniwang sagot sa hinihingi ng isang tanong.

Ipinagdiinan ng mga estrukturalista na dapat nakatuon ang pagtuturo ng wika sa katumpakan ng anyo ng wika at kahusayan sa mga tuntunin. Naniniwala sila na ang kaalaman ng mga mag-aaral sa katumpakan ng gramatika at mga tuntunin nito ay mahalagang salik sa pagpapahayag. Idinagdag pa nila na ang wika ay pawang pagpapahayag ng kaugalian kaya produkto ito ng palagiang eksposyur na natatamo sa pamamagitan ng palagiang pagtutulad, pagpapahalaga at pag-uulit upang makabuo ng set ng mga kaugalian; isang proseso ng pagkatuto na nakahahadlang sa pagkakamali ng mga mag-aaral sa wika (Lartec at Perey, 2010).

Ang sapat na kaalaman sa kakayahang panggramatika ay isang matibay na pundasyon upang magkaroon ng tiwala sa sarili ang isang mag-aaral na makipagtalastasan sa kaniyang kapwa. Ang *linguistic competence* ay katayuan ng isang taong may kontrol o masteri sa porma o istruktura ng isang wika. Dito naipakikita ang kahusaysan ng isang tao sa paggamit sa mga tuntunin ng wika. Kaya isang hamon ito sa mga guro kung paano malinang sa kanila ang kakayahang panggramatika lalo na at isa ito sa kahinaan ng mga mag-aaral na napatunayan sa ilang pag-aaral (Badayos, 1999).

Sa pag-aaral ni Epistola (2000) sa pambalarilang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng kursong Edukasyon ng Baguio Colleges Foundation, natuklasan na ang kahinaan ng mga mag-aaral ay sa aspektong morpolohiya, sintaks at leksika. Sa morpolohiya, pinakamaraming kamaliang nagawa ay sa aspekto ng pandiwa. Sa kailanan, mas marami sa maramihan kaysa sa isahan. Sa sintaks, ang may pinakamaraming kamalian ay sa maling gamit o pagkakaltas ng pangatnig, pang-ukol at pantukoy. Sa leksikal, pinakamarami sa maling gamit, kaayusan ng salita at maling gamit ng panuring. Nangunguna rin sa pag-aaral ni Bendalan (2006) sa panlingguwistikang pagsusuri sa mga talaarawan ng mga kadete ng Philippine Military Academy na marami ang bilang ng kamalian sa pandiwa, pangalawa ang kamalian sa pang-uri, pangatlo ang kamalian sa pang-abay, pang-apat ang kamalian sa pangngalan at panghuli ang kamalian sa panghalip. Tunay nga na isa ito sa mga kailangang pagtuunan ng pansin sa mga mag-aaral. Taliwas ito sa inaasahang dapat ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay bihasa na sa gramatika. Kaya nararapat lamang na pag-ibayuhin ang pagtuturo sa gramatika upang maihanda sila sa iba't ibang mga pagsasanay pangwika.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Kakayahang Sosyolingguwistika

Ang sosyolingguwistika ay pakikisalamuha ng tao gamit ang wika sa lipunang kaniyang ginagalawan. Pinatunayan ito ni Hymes (1972) na ito ay isang sangay ng pag-aaral sa wika, buhat sa salitang "socius" at lingguwistika. Ang *"socious"* ay nangangahulugang pakikisalamuha, pakiki-interak, pakikibagay at pakikipamuhay ng tao sa kapwa tao, ang bahaging tumutukoy sa lipunan. Ito ang wikang umiiral, laganap, ginagamit, kinikilala at pinagkakatiwalaan sa isang partikular na lugar at lipunan.

Ang kakayahang sosyolingguwistika ay isang batayang interdisiplinaryo at nakagagamit ng kontekstong sosyal ng isang wika. Isinaalang-alang niya ang tatlong bagay sa pakikipag-usap. Ang ugnayan *(role-relationship)* ang impormasyong pinag-uusapan *(topic)* at ang lugar na pinag-uusapan *(place)*. Bukod sa kaalaman sa tatlong salik na ito, alam ng mga kasapi sa usapan ang layon *(function)* ng kanilang pag-uusap. Sa sosyolingguwistika, nakapaloob ang isang paghuhusga kung angkop sa tatlong salik ang isang sinabi o sasabihin. Halimbawa, sa ating kultura, ang mga bata ay hindi dapat sumali sa usapan ng matatanda, at kung ang kausap ng isang nakababata ay may edad at mataas ang posisyon kaysa sa kaniya, gumagamit siya ng *"honorific terms"*.

Sa paglipas ng panahon, patuloy na napapayaman ng tao ang wikang kaniyang ginagamit. Nadadagdagan ang kaniyang kaalaman sa wika dahil na rin sa patuloy na interaksyon sa kapwa at sa kaniyang lipunan.

Kakayahang Sikolingguwistika

Ang sikolingguwistika ay tumutukoy sa pag-aaral ng wika ayon sa mga salik pangkaisipan. Ayon sa teoryang ito, ang mag-aaral ay dapat mag-isip at magpokus hindi lamang sa anyo ng wika kundi sa paggamit nito (Tabec, 2009). Ipinaliwanag ni Chomsky (1965), sa pagbanggit ni Badayos (1999), na pagkapanganak pa lamang ng bata ay mayroon siyang kakayahang pangwika na nalilinang na lamang sa kaniyang pakikisalamuha sa kaniyang kapaligiran habang siya ay lumalaki. Pinaniniwalaan niya na dahil sa *Language Acquisition Device (LAD),* nagkakaroon ng sariling pag-aanalisa ang bata sa mga pahayag na naririnig niya. Nabubuo sa kaniyang isipan ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

mga tuntunin ng wika na kaniya namang ginagamit sa pagpapahayag. Ang LAD ang tumatanggap sa mga impormasyon mula sa kapaligiran sa anyo ng wika. Ang wikang ito ay sinusuri at pagkatapos marinig bubuuin na sa isipan ang mga tuntunin. Ang mga tuntunin ay inilalapat habang nakikipag-usap ang mga bata. Ang LAD ay patuloy na ginagamit ng mga bata bilang sistema ng pagbuo ng mga tuntunin hanggang sa marating nila ang kaganapan ng kanilang edad (Badayos, 1999). Mahalaga ang pagtatamo ng wika upang epektibong magamit ito sa pakikipagtalastasan.

Ayon kay Carroll (2004) sa pagbanggit ni Mintas (2013), ang sikolingguwistika ay nakatuon sa pagproseso ng paggamit ng wika. Una, pag-unawa sa wika, paano natin maunawaan ang tekstong nakasulat. Ang pangalawa ay kung paano tayo makabubuo ng ideya mula sa parirala patungo sa pangungusap, at panghuli ay ang pagtatamo ng wika at kung paano nakapagtatamo ng wika ang mga bata. Ang paggamit ng wika ng mga tao ay pinakamahalagang kasangkapan sa pagpapahayag ng ating saloobin, ideya, kaisipan at ninanais sa kapwa. Tayo ay nakapagpapahayag nang mabisa gamit ang wika.

Bilang isang guro ng wika, kailangang maunawaan ng guro ang papel ng lingguwistika, sosyolingguwistika at sikolingguwistika sa pagkatuto ng wika. Kailangan niyang matiyak kung nalinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Isang paraan para masubok ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsusulit panggramatika.

Pagsusulit Panggramatika

Mahalaga ang pagsusulit sa loob ng klasrum upang mataya ang kaalaman ng mga mag-aaral sa araling pinag-aralan. Sa pamamagitan nito, nalalaman niya kung ano ang kaniyang kalakasan at kahinaan na kailangang paunlarin at makatutulong naman ito sa guro kung ano ang bibigyang-tuon sa pagtuturo. Kailangan din ang kagalingan ng guro sa paghahanda ng kagamitan sa pagtuturo upang maging mabisa ang pagtatayang isasagawa. Una, ang pagsusulit na mahusay ang pagkakagawa ay malaki ang naitutulong upang magkaroon ng interes sa pag-aaral ang isang bata. Dahil sa pagbabagong dulot ng pagsusulit, nagkakaroon ng katuparan ang mga pagsisikap ng isang bata sa kaniyang pag-aaral. Ikalawa, nagiging daan din ang pagsusulit sa lubusang pagkatuto ng wika. Natuto ang mga bata habang nag-aaral para sa eksamen, at pagkatapos na maiwasto ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

kanilang mga papel. Makikita sa resulta ng pagsusulit kung ano ang lubusang natutunan ng bata at kung aling mga kasanayan ang dapat pag-aralang muli (Badayos, 1999).

Sa pagbuo pa lamang ng pagsusulit, maraming bagay na ang kailangang isaalang-alang ng guro. Ayon kay Kis-ing (2009), kailangan niyang malaman ang pangangailangan ng kaniyang mga mag-aaral nang sa gayon ay mabigyan ang mga ito ng kaukulang aksyon at ito ay dapat na umaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng wika ay madali niyang maisagawa ang kaniyang layunin sa pagtuturo. Dagdag din ni Macaltao (2017), ang pagsasanay ay maaaring plinanong gawain upang matuklasan kung ang mga gawaing ito ay may malaking magagawa sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral; nilalaman ng mga aralin at mahusay na naunawaan ng mga mag-aaral; gawaing kakikitaan ng motibasyon upang lalong mapahusay ang pag-aaral ng mga mag-aaral; at pag-aangkop/nagagamit ang mga gawaing ito sa kanilang buhay.

Ang kinalabasan ng isinagawang pagsusulit pangwika ang magpapakita kung ano ang mga kasanayang kailangan pang malinang sa mga mag-aaral. Ito rin ang magiging batayan ng guro sa pagtukoy kung anong interbensiyon ang isasagawa.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Nilalayon nitong masagot ang sumusunod:

1. Ano ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa mga bahagi ng panalita?

2. Ano ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral?

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

II. METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumamit ng pinagsanib na kuwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan. Ayon kay Creswell (2007), ang *mixed method* ay isang metodo sa pagsasagawa ng pananaliksik na nangangailangan ng pagkuha at pag-aanalisa ng mga datos. Ginamit ang disenyong sequential explanatory dahil unang kinuha ang mga kinakailangang datos sa pamamagitan ng talatanungan. Pagkatapos ay nagsagawa ng pakikipanayam para makuha ang mga kinakailangang impormasyon na may kaugnayan sa mga mas naunang nakuhang datos.

Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Benguet State University-Main Campus na matatagpuan sa La Trinidad, Benguet. Ang paaralang ito ay nag-aalok ng kursong pangguro sa sekundarya, medyor sa Filipino.

Ang tagatugon sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa ikaapat na taon. Sila ang mga piniling tagatugon dahil sila ay magkakaroon ng *practicum* o aktuwal na pagtuturo kaya mahalagang malaman kung handa na silang ibahagi sa labas ng kampus ang kanilang natutuhan sa unibersidad.

Mga Instrumento sa Paglikom ng Datos

Sa paglikom ng mga datos, bumuo ang mananaliksik ng pagsusulit panggramatika na nakatuon sa mga bahagi ng pananalita. Ang dami ng aytem ay batay sa bigat at dami ng paksa.

Sa pakikipanayam, ginamit ang di-binalangkas na pakikipanayam o *unstructured interview*. Sa ganitong pakikipanayam ay may listahan ng mga tanong, hindi niya kailangang sundin ang pagkakasunod-sunod nito. Malaya ang nakikipanayam na ulitin ang tanong at tumalakay pa sa ibang punto na inaakala niyang makatutulong at kapaki-pakinabang (Lartec et al.,

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

2011). Ginamit din ang *audio recorder* para matiyak na makukuha ang lahat ng mga kinakailangang datos.

Paraan ng Paglikom ng Datos

Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Tserman ng Departamento ng Humanidades upang maipamudmod ang pagsusulit panggramatika. Gayundin, sa guro ng Filipino na may hawak sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino.

Ang binuong pagsusulit panggramatika ay ipinasuri sa mga guro ng Filipino sa BSU upang masuri ang pagiging balido nito. Pagkatapos, ipinamudmod ito sa mga mag-aaral na hindi kasangkot sa pananaliksik para isailalim sa *item analysis* upang masuri ang kahusayan ng pagsusulit. Ang kinalabasan ng pagsusulit ay naging batayan upang malinang ang pagsusulit panggramatika, lalo na ang mga aytem na nakakuha ng pinakamadali at pinakamahirap. Ipinasagot ang pinal na pagsusulit sa mga mag-aaral sa ikaapat na taon at mabusisi itong sinuri.

Pagkatapos na masuri ang mga datos, nagsagawa ng pakikipanayam ang mananaliksik upang malaman ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Ang mga datos na nakalap ay dumaan sa transkripsyon. Pagkatapos, isinagawa ang *cool and warm analysis* at *thematization* upang mabuo ang tema.

Pagtrato ng mga Datos

Ginamit ang weighted mean at pagraranggo upang matukoy ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga bahagi ng panalita. Ginamit din ang apat na puntusang eskala upang ipakita ang interpretasyong ginamit sa pagsusuri sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

	DESKRIPSYON	INTERPRETASYON
4	Napakataas	Napakahusay ng mga mag-aaral sa mga bahagi ng panalita.
3	Mataas	Mahusay ang mga mag-aaral sa mga bahagi ng panalita ngunit maaari pang mapaunlad
2	Katamtaman	Kailangan pang paunlarin ang kahusayan ng mga mag-aaral sa mga bahagi ng panalita.
1	Mababa	Kulang sa kahusayan ang mga mag-aaral sa mga bahagi ng panalita.

Para masagot naman ang ikalawang tanong, itrinanskrayb ang mga nalikom na datos. Pagkatapos, isinagawa ang *cool and warm analysis o coding* at ang *thematization*.

III. PAGTALAKAY SA RESULTA

Inilahad sa bahaging ito ang kinalabasan ng pagsusuri at interpretasyon ng mga datos hinggil sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Inilahad din dito ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.

Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Filipino

Isa sa mga kakayahang dapat linangin sa mga mag-aaral lalo na sa mga nagpapakadalubhasa sa Filipino ay ang kanilang kakayahan sa gramatika o balarila. Ayon kay Dinglasan (2001), ang balarila ay isang agham na tumatalakay sa mga salita, may layuning iwasto ang paggamit ng bawat bahagi ng panalita, pangnilalaman man o pangkayarian upang magkaroon ng kaisahan o kakipilan ang mga pangungusap. Dahil sa ito’y isang agham, ito ay may sistemang sinusunod kaya kailangang maingat na sundin ng gagamit nito ang mga tuntuning nakapaloob dito

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

(Acosta, 2006). Sa pag-aaral na ito, tinukoy at sinuri ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wikang Filipino. Pinagtutuunan dito ng pansin ang kanilang kakayahan sa pagkilala at wastong paggamit ng mga bahagi ng panalita. Sa Talahanayan 1 ay matutunghayan ang antas ng kanilang kakayahan.

Mapapansin sa talahanayan na halos lahat ay nasa *statistical limit* na mataas maliban sa pananda na nasa *statistical limit* na katamtaman. Batay sa lumabas na resulta ng pagsusuri, nangunguna rito ang pang-abay na may weighted mean na 3.00. Ito ay sinundan ng pangngalan (2.93), pandiwa (2.80), panghalip at pang-ugnay (2.60), pang-uri (2.53) at pananda (2.13). May kabuuan itong *weighted mean* na 2.66 (mataas).

TALAHANAYAN 1. ANTAS NG KAKAYAHANG PANGGRAMATIKA NG MGA MAG-AARAL SA MGA BAHAGI NG PANALITA

BAHAGI NG PANANALITA	WEIGHTED MEAN	DESKRIPSYON	RANGGO (R)
Pangngalan	2.93	Mataas	2
Panghalip	2.60	Mataas	4.5
Pandiwa	2.80	Mataas	3
Pang-uri	2.53	Mataas	6
Pang-abay	3.00	Mataas	1
Pang-ugnay	2.60	Mataas	4.5
Pananda	2.13	Katamtaman	7
Kabuuan	2.66	Mataas	

Pananda: 4	3.26 – 4.00	Napakataas	2	1.76 – 2.50	Katamtaman
3	2.51 – 3.25	Mataas	1	1.00 – 1.75	Mababa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Pang-abay

Sa istruktural na pagbibigay-kahulugan, ang pang-abay ay nakikilala dahil kasama ito ng isang pandiwa, pang-uri, o kapwa pang-abay. Sa pansematika naman, ito ay nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri o sa iba pang pang-abay. Sa bahaging ito, binigyang-pansin ang pangunahing uri nito, ang ingklitik at ang pang-abay na binubuo ng salita o parirala at maaaring ilipat ng posisyon sa pangungusap (Santiago at Tiangco, 2003).

Lumabas sa isinagawang pag-aaral na nangunguna ang pang-abay na may weighted mean na 3.00 na nangangahulugang mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa bahaging ito. Nagpapahiwatig ito na marunong na sila sa pagkilala at pagsusuri sa mga pang-abay ngunit may ilang bahagi pa rin na kailangan nilang paunlarin upang lubos na malinang ang kanilang kahusayan lalo na sa mga uri ng pang-abay. Nangangahulugan lamang na madaling pag-aralan ang pang-abay kung pagtutuunan ng pansin ang mga kaugnay na bahagi ng panalitang susuriin. Ayon kay Mag-atas (1998), sa pagbanggit ni Acosta (2006), malaki ang nagagawa ng tamang pagkakaugnayan ng mga salita upang maging mabisa ang isang pahayag. Nakasalig din dito ang kalinawan ng mga pangungusap.

Ang resulta ng pag-aaral ay sumasang-ayon sa pag-aaral na isinagawa ni Epistola (2000). Ayon sa kaniyang pag-aaral, lumabas na ang pinakamababang kamalian ng mga mag-aaral ay sa pang-abay sa ilalim ng kamaliang leksikal. Umaayon din ito sa resulta ng pag-aaral nina Lartec (2002), Palazo (2003), Cortez (2005) at Tabec (2009) dahil nasa panghuling ranggo ang pang-abay sa kamaliang leksikon. Ipinahihiwatig na ito ang pinakamadali sa kanila dahil kaunti lamang ang kamalian.

Pangngalan

Ang pangngalan ay pumapangalawa na may weighted mean na 2.93. Ito ay nagpapahiwatig na mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtukoy at pagsuri sa pangngalan sa loob ng pangungusap. Bihasa rin sila sa paggamit nito dahil mula elementarya ay pinagtutuunan na ito ng pansin sa pagtuturo. Ang pangngalan ay mga salitang tawag sa tao, bagay, pook o pangyayari

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

at ito ay nauuri sa mga pangunahing batayan ayon sa konsepto, kaanyuan, kayariang pansematika, kasarian, kailanan at kaukulan. Napansin ng mananaliksik na kahit mahusay ang mga mag-aaral sa pangngalan, may ilang bahagi pa rin na kailangang pagtuunan ng pansin katulad ng kaukulan, dalawang uri ng tambalan at konsepto nito dahil nalilito sila sa mga bahaging ito.

Lumabas sa pag-aaral ni Acosta (2006) na mababa ang pagkakamali ng mga mag-aaral sa bahaging ito. Ang kanilang mga kaalaman sa pangngalan ay matatag na dahil marami silang natutuhan sa una hanggang ikatlong taon. Sa pag-aaral naman ni Bendalan (2006), pang-apat ang pangngalan sa nagawang kamalian ng mga kadete sa leksikon sa pagsulat nila ng kanilang mga talaarawan. Nangangahulugan na kakaunti lamang ang kanilang pagkakamali. Gayundin sa pag-aaral ni Lartec (2004) na pang-apat sa kamaliang sintaktika ng mga mag-aaral ang pangngalan. Ito ay nagpapahiwatig na hindi gaanong nagkamali ang mga gurong mag-aaral sa paggamit ng wastong pangngalan sa kanilang pagpapahayag.

Pandiwa

Maituturing na mga pandiwa ang mga salitang nagpapahayag ng kilos o galaw. Ito ay binubuo ng salitang-ugat at mga panlaping makadiwa. Ang salitang-ugat ay nagbibigay ng kahulugan sa pandiwa at ang panlapi naman nagpapakilala ng iba’t ibang panahunan, kailanan at tinig ng pandiwa (Tanawan et al., 2007).

Nakalahad sa talahanayan na pumapangatlo ito sa ranggo na may naitalang mean na 2.80. Ipinahihiwatig nito na mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pandiwa. Ito rin ay nangangahulugang mahusay ang mga mag-aaral lalo na at nasa ikaapat na taon sila ng kolehiyo kung saan nahasa ang kanilang kakayahan sa pagsusuri sa gamit at tuntunin ng pandiwa. Gayunpaman, kailangang bigyan pa rin ng tuon ang pokus at kaganapan ng pandiwa dahil may ilang aytem na nahirapan sila sa pagsusuri nito. Sa pag-aaral na isinagawa ni Mintas (2013), hindi pa rin malinaw sa mga mag-aaral ang kaganapan at pokus ng pandiwa batay sa resulta na mataas at medyo mataas. Hindi pa rin lubusang maintindihan o marunong kumilala sa relasyon ng pandiwa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

at panaguri at relasyon ng paksa at pandiwa kaya nagangailangan ng mas maraming pagsasanay sa bahaging ito. Ayon kina Lartec at Perey (2010), nalilito rin sila mga pandiwang di-karaniwan kung saan ito ang mga pandiwang nagkakaroon ng mga pagbabagong morpoponemikong pagkakaltas ng ponema, pagpapalit ng ponema o metatesis. Ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pandiwang di-karaniwan ay may kaugnayan sa hindi madalas na paggamit sa pagpapahayag. Idagdag pa rito ang kahirapan nila sa pagsuri sa kayarian nito. Lumabas sa pag-aaral ni Tibagacay (2001) na nagkamit ng ikatlong katayuan sa apat na saklaw ng leksikal ang kamalian sa pandiwa ng mga kadete na nangangahulugan na kakaunti lamang ang kanilang kamalian sa pandiwa.

Panghalip

Ang panghalip ay salita o katagang panghalili sa pangngalan. Sa makabagong pananaw naman, ang panghalip ay makikilala sa pagbabagong anyo ayon sa tatlong kaukulan – panghalip na nasa anyong *ang*, *ng* at *sa* bilang panghalili (Tanawan et al., 2007). Batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral, mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa panghalip. Ito ay nagtamo ng weighted mean na 2.60. Ito ay nangangahulugang alam nila kung ano ang panghalip at kung kailan ito gagamitin. Gayunpaman, nalilito pa rin sila sa mga uri, kaukulan ng panghalip at panauhan ng anyong *ang*, *ng* at *sa*. Ito ay nagpapahiwatig na kailangan ang sapat na pundasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa pangngalan upang mas maunawaan ang panghalip.

Ang resulta ng pag-aaral ay tumutugma sa pag-aaral nina Lartec at Perey (2010) na mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa panghalip. Ito ay nangangahulugang may sapat nang kaalaman ang mga mag-aaral sa mga tuntunin at tamang paggamit ng panghalip sa loob ng pangungusap. Sinasang-ayunan din ito ng pag-aaral nina Bendalan (2006) at Tabec (2009) na parehong panghuli ang panghalip sa kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral. Hindi rin ito nalalayo sa naging resulta ng pag-aaral ni Palazo (2003) na pang-apat ito sa limang kamalian sa leksikon.

Pang-ugnay

Ang pang-ugnay ay tawag sa mga salitang nagpapakita ng relasyon ng dalawang yunit sa pangungusap. Tatlo ang mga pang-ugnay: (1) pangatnig, (2) pang-angkop at (3) pang-ukol

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

(Santiago at Tiangco, 2003). Ang mga ito ay napakahalaga sa pagbuo ng pangungusap dahil naiuugnay at malinaw na naipahahayag ang diwa ng pangungusap.

Kapansin-pansin sa resulta na parehong mataas ang antas ng panghalip at pang-ugnay na nakapagtamo ng ranggong 4.5 na may weighted mean na 2.60. Ito ay nagpapahiwatig na naunawaan ng mga mag-aaral ang paksang ito kaya hindi sila gaanong nahirapan. Gayunpaman, kailangan pa ring pag-aralang mabuti ang tiyak na gamit ng mga iba't ibang uri ng pang-ugnay. Batay sa resulta ng pag-aaral, bagamat mahusay ang mga mag-aaral sa bahaging ito, kailangan pang bigyang pansin ang dalawang pangkat ng pangatnig (magkatimbang at di-magkatimbang) at uri nito. Nalilito sila sa pagkakagamit ng pang-ugnay sa pangungusap.

Ayon kay Cortez (2005), kung may kamalian sa paggamit ng pang-ugnay, naiiba ang kahulugang ipahahayag sa pangungusap. Lumabas sa pag-aaral nina Lartec at Perey (2010) na katamtaman ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pangungusap na nangangahulugang hindi pa sila gaanong bihasa sa pagsusuri ng pangungusap. Sa pag-aaral ni Bendalan (2006), nanguna ang pang-angkop, pangalawa ang pangatnig at panlima ang pang-ukol sa kamaliang sintaks dahil hindi na binibigyang-pansin ang wastong paggamit ng mga kadete sa mga pang-ugnay. Gayundin sa pag-aaral ni Palazo (2003), nagkaroon din ng pagkakamali ang mga mag-aaral sa mga pang-ugnay.

Pang-uri

Ang pang-uri ay salitang nagsasaad ng katangian o uri ng tao, hayop, bagay, lunan at iba pa na tinutukoy ng pangngalan o panghalip na kasama nito sa loob ng pangungusap (Santiago at Tiangco, 2003). Binigyang tuon sa pag-aaral na ito ang tungkulin, kayarian, kailanan, kaantasan, pamilang at uri ng pang-uring pamilang.

Ito ang pang-anim sa ranggo na nakakuha ng weighted mean na 2.53. Ibig sabihin mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ngunit kailangan pa ring linangin ang kanilang kahusayan sa tungkulin ng pang-uri at pang-uring pamilang. Napansin ng mananaliksik na sa aytem na ito nakakuha ng mababang iskor bagamat sa kabuuan mataas ang antas na natamo nila. Nangangahulugang kailangan pa rin nila ang mas maraming pagsasanay.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Sa pag-aaral nina Lartec at Perey (2010), lumabas na mataas din ang antas ng kakayahan ng mga mag mag-aaral sa pang-uri. Nagpapahiwatig na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral ngunit hindi pa sapat ang kanilang kakayahang sumuri ng ugnayan ng mga salita sa loob ng pangungusap kaya kailangan pa ang sapat na pagsasanay sa pagkilala sa tinuturingan ng pang-uri sa pangungusap.

Sa pag-aaral nina Epistola (2000), Tibagacay (2001) at Lartec (2004) natuklasan din nilang ang kamalian sa pang-uri ang pinakamababang bahagdan ng pagkakamali ng mga mag-aaral. Hindi rin ito nalalayo sa resulta ng pag-aaral ni Lartec (2002) dahil ang kamalian sa pang-uri ang isa sa pinakakaunting kamaliang leksikal ng mga mag-aaral. Nangangahulugan na medyo maalam ang mga mag-aaral sa paggamit sa mga pang-uri. Gayundin, sa pag-aaral ni Acosta (2006) lumabas na medyo mababa ang pagkakamali ng mga mag-aaral sa pang-uri dahil marami ang kaalamang natamo ng mga mag-aaral dahil mula pa elementarya ay pinag-aaralan na ito.

Pananda

Ayon sa Makabagong Balarilang Filipino nina Santiago at Tiangco (2013), ang pananda ay nagsisilbing tanda ng gamit ng pambalarila ng isang salita sa loob ng pangungusap at maaari rin itong magbadya ng ayos ng mga bahagi ng pangungusap. Kabilang ang pantukoy at pangawing sa subkategoryang pananda.

Ipinapakita sa resulta ng pagsusuri na ang pananda ang panghuli sa ranggo na may katamtaman ang kahusayan ng mga mag-aaral sa bahaging ito. Nagpapahiwatig lamang na hindi pa ganap ang kahusayan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng pananda lalong-lalo na sa pantukoy. Nahihirapan sila sa pagtukoy at pagsuri sa mga panandang nominatib, posesib at objektib at sa kailanan ng mga ito. Tumutugma ito sa pag-aaral nina Lartec at Perey (2010) kung saan nagtamo ang mga mag-aaral ng katamtamang antas ng kakayahan sa bahaging ito ng panalita. Ayon kay Acosta (2006), kahit simple lamang ang uri ng panalitang ito, nahirapan pa rin ang mga mag-aaral dahil nakapagpalito sa kanila ang tuntuning gagamitin sa mga uring napabilang dito kaya kailangan pa ang ibayong pagsasanay para mapataas ang kanilang kakayahan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Lumabas sa resulta ng pag-aaral nina Palazo (2003) at Lartec (2002) na pumangalawa ang ranggo ng pananda sa kamaliang morpolohikal. Natuklasan naman sa pag-aaral ni Lartec (2004) na ang ang marker ay nanguna sa ranggo ng kamalian sa gramatika sa talaarawan ng mga gurong mag-aaaral. Kasama sa mga kamalian ang kamalian sa pantukoy para sa mga pangngalan partikular na sa mga paksa ng pangungusap at ang panandang "ay" na nagpapahiwatig ng kabaliktarang ayos ng pangungusap. Isang dahilan ng kamalian ng mag-aaral ang pagbabago ng tuntunin ng gramatika kung saan ang panandang "ay" ay hindi na pandiwa tulad ng dating tuntunin.

Sa kabuuan, mapapansing halos mataas ang lumabas na kakayahan ng mga mag-aaral sa

bahagi ng panalita. Ito ay inaasahan dahil sila ay nagpapakadalubhasa sa wikang Filipino ngunit ito rin ay nagpapahiwatig na kailangan pa rin paunlarin ang kanilang kakayahan sa gramatika lalo na sa mga bahagi ng panalita.

Mga Salik na Nakaaapekto sa Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral

Batay sa isinagawang pagsusuri sa mga datos na nakalap, ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino ay ang mga sumusunod: interes, eksposyur sa *social media*, estratehiya sa pagtuturo, kaalaman sa tuntuning panggramatika at mga aklat o mga sanggunian.

Interes ng mga Mag-aaral

Isa sa mga salik na natuklasang nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral ay ang kanilang interes o kawilihan. Ayon sa pahayag ng mga mag-aaral:

Interesado akong pag-aralan ang gramatika kaya masigasig ako at seryoso sa aking pag-aaral. Maikukumpara ko ito sa ningas na nagpapasilab sa aking pag-aaral. Sa pamamagitan ng aking interes, nagagamit ko ang natutuhan ko sa gramatika na may halong pagkasabik at kasiyahan. Nagagamit ko ito ng natural at walang halong kaba. Nadadagdagan din ang aking kaalaman. (M8)

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Napipilitan ako kung minsan na pag-aralan ang gramatika dahil hindi ako interesado rito. Nababagot ako sa paksang tinatalakay. Wala akong interes kung minsan dahil sa paraan ng pagtuturo ng guro kung minsan. (M4)

Mapapansin sa mga pahayag na malaki ang nagagawa ng interes sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinatunayan ng mga pahayag na kapag gusto nilang gawin ang isang bagay, pagsusumikapan nila itong pag-aralan. Kapag hindi rin sila intersado, madali silang mabagot. Ayon kina Vega at Prieto (2006), ang interes ay isang salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral kung saan ang pagkatuto ay lalong epektibo kung ang indibidwal ay handa nang matuto at kung may hangaring matuto, kaya mahalaga ang kawilihan sa pagkatuto dahil kapag mayroon tayo nito, higit tayong nagiging interesadong pag-aralan ang mga konsepto na itinuturo sa atin (Sangdaan, 2018).

Pinatutunayan nito na kailangang may positibong pagtugon at saloobin ang mga mag-aaral sa wikang pag-aaralan at pagtuklas ng bagong kaalaman upang maging matagumpay ang pagkatuto at maabot ng mga mag-aaral ang tugatog ng pagkatuto, at dapat na magkaroon ng interes at aktibo silang makilahok sa anumang gawain sa silid-aralan. Ngunit hindi lingid sa ating kaalaman na hindi lahat ng mga mag-aaral ay may mataas na motibasyon dahil ang iba ay halos wala nang interes at napipilitan lamang mag-aral.

Ang mga pahayag ay nagpapatunay din na kailangang isaalang-alang ng guro ang pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral. Matututo ang bawat isa sa pamamagitan ng mga estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto. Nakatutulong ito para sa kanilang aktibong partisipasyon at malinang ang kanilang natatanging kakayahan. May kaugnayan ito sa tamang motibasyon. Ayon kay Malone (2007) sa pagbanggit nina Lartec et al. (2014), malaki ang pananagutan ng mga guro sa isang matagumpay na pagtuturo at pagkatuto ng wika. Ang buong katauhan, saloobin, panlahat na kaalaman, at estilo sa pagtuturo ay maaaring maging sanhi ng pagkakaroon o pagkawala ng interes o kawilihan ng mga bata sa pag-aaral ng wika (Badayos, 1999).

Ayon kay Dines (2012), sa larangan ng pag-aaral ng wika, kailangang may magandang saloobin ang mga mag-aaral sa wikang pinag-aaralan. Tungkulin ng gurong maglaan at lumikha ng isang kaaya-ayang kaligiran sa silid-aralan at isang pagkaklaseng walang pananakot kung saan maginhawa ang pakiramdam ng bawat mag-aaral at malaya nilang nagagamit at nasusuri ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

bagong wikang natutuhan. Kailangan ding linangin ng guro ang pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral. Pangunahing binibigyang-pansin ng teoryang makatao ang mga mag-aaral sa anumang proseso ng pagkatuto. Palaging isaalang-alang ang saloobin ng mga mga mag-aaral sa pagpili ng nilalaman, kagamitang pampagtuturo at mga gawain sa pagkatuto. Nagpapatunay lamang na kailangan ang motibasyon (intrinsik at ekstrinsik) upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral tungo sa mabisa at makabuluhang pagkatuto.

Eksposyur sa *Social Media*

Malaki ang ginagampanan ng *social media* sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Batay sa mga sinuring datos, lumabas na isa sa mga nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral ay ang *social media*. Ayon kay Gannaban (2013), ito ay mga website na nagsisilbing daan sa pakikipag-ugnayan tulad ng *Facebook na madalas gamitin ngayon sa ating bansa, gayundin ang Twitter, Tumblr, MySpace, idagdag pa rito ang Google Sites at Yahoo Group*. Ayon sa mga mag-aaral:

> Nakaaapekto ang *social media* dahil marami akong natututunang balbal at kolokyal kaysa sa mga wasto at tamang wika kaya nalilito ako minsan kapag sumusulat o sumusuri ng pangungusap o akda. (M2)

> Nakapagbibigay ito ng destruksyon sa pagkatuto sapagkat nalilihis ang atensyon sa paggamit ng social media. (M7)

Mapapansin sa pahayag na malaki ang impluwensiya ng mga salitang ginagamit sa mga social media sa mga mag-aaral. Hindi na nila sinusuri kung tama nga ba ang salitang ginamit at dahil ginamit ito sa social media, naniniwala na silang iyon ay pormal na mga salita. Dahil sa pagkahumaling sa mga laro, wala na silang oras na pag-aralang mabuti ang kanilang binabasa. Hindi na nila sinusuri ang mga salitang ginagamit. Natuklasan sa pag-aaral ni Capinlac (2018) na isa sa dahilan ng pagkawala ng kawilihan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ay ang pagkahumaling ng mga mag-aaral sa teknolohiya dahil mas maraming oras ang ginugugol ng mga mag-aaral sa paglalaro ng mga gadget kaysa sa pagbabasa ng mga libro. Ibig sabihin nito na kailangang ibalanse

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

ang oras sa pag-aaral at *social media* upang sa gayon ay hindi mapabayaan ang pag-aaral lalo na at nakatutulong ang mga ito sa pananaliksik ng mga mag-aaral at nakakakuha sila ng bagong impormasyon na maaari nilang ibahagi sa kanilang kamag-aral.

Estratehiya sa Pagtuturo

Batid ng marami na ang guro ang pinakamahalagang baryabol sa silid-aralan (Belvez, 2000). Isa sa mga natuklasang salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral ay ang estratehiya ng guro sa pagtuturo. Ayon sa isang mag-aaral:

Na-bobored ako minsan dahil paulit-ulit na lang ang paraan ng pagtuturo ng guro. (M6)

Wala akong interes minsan dahil sa paraan ng pagtuturo ng guro. (M4)

Ipinapahiwatig ng pahayag na kailangan ding mag-isip ang guro ng iba-ibang estratehiya para makuha ang atensiyon ng mga mag-aaral. Ang pare-parehong pamamaraan ng guro sa pagtuturo ay nagdudulot ng pagkabagot sa mga mag-aaral at maaaring makaapekto sa kanilang performans sa loob ng klasrum. Ayon kay Ngamoy (2002), ang guro ang pinakasusi ng tagumpay sa silid-aralan. Mahalagang salik sa ikatatagumpay ng pagkatuto ng bawat mag-aaral ang kahusayan ng bawat guro sa pagtuturo. Ang kahusayan ay hindi lamang sa pamamagitan ng sapat na kaalaman sa paksang kaniyang ituturo, bagkus napakahalagang salik din na dapat isaalang-alang ang tamang pamamaraan ng paghahatid ng kaalaman sa mga mag-aaral (Barlis, 2001).

Ang paulit-ulit na estratehiya at metodo na ginagamit ng guro ay isa rin sa dahilan kung bakit nawawalan ng gana ang mga mag-aaral sa pagpasok sa klase (Manalo, 2002). Sa ganitong kalagayan, kailangang maglaan ang guro ng angkop na pakikibagay sa iba't ibang estratehiya na tutugon sa pangangailangan ng bawat mag-aaral (Badayos, 1999) at mahalagang makilala ng guro nang lubos kung sino ang kaniyang mga tinuturuan upang matukoy nito kung paanong mabisang natututo ang kaniyang mga mag-aaral, kaya't sa pagtuturo mahalaga ang pagkakaroon ng isang gurong bukas na isipan kaugnay sa pagkatao ng kaniyang mga tinuturuan (Galong, 2015).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Kaalaman sa Tuntuning Panggramatika

Ang wika bilang pangunahing instrumento sa paghahatid ng kaalaman ng guro sa mga mag-aaral ay kinakailangang magamit nang mahusay ng bawat guro para sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung hindi magagamit nang tama ang wika, magkakaroon ng suliranin ang bawat taong kasangkot sa pagkatuto (Barlis, 2001). Malaki ang ginagampanan ng guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral dahil siya ang humuhubog at lumilinang sa kakayahang mayroon ang isang mag-aaral. Mahalaga ang kaalaman ng guro sa pagtuklas sa kaalamang natamo ng mga mag-aaral dahil kung may malawak na kaalaman ang guro sa paksang ituturo, maipaliliwanag niya nang maayos ang mga konsepto. Sa wastong paghihinuha sa tungkulin ng wika ay naiiwasan ang pagkalito sa pagitan ng nag-uusap (Abyado, 2016) at malayang nagagamit at nasusuri ang wikang natutuhan. Ngunit kung hindi ganap ang pagkatuto sa gramatika, magiging sanhi ito ng pagkakamali. Ayon sa mga mag- aaral:

Nalilito ako sa sa tuntunin sa gramatika kaya nagkakabali-baliktad ang sagot ko. Nakalimutan ko na rin ‘yung iba sa dami ng bahagi ng panalita. More exercises pa para maging expert kami sa gramatika. (M12)

Nakakalimutan ko minsan ang wastong gramatika sa pagsulat, kaya kailangan ko pang pag-aralan nang mabuti. (M14)

Mula sa sagot ng mga mag-aaral, ipinahihiwatig lamang nito na hindi pa lubusan ang kahusayan ng mga mag-aaral sa gramatika. Kailangan ang pagsasanay sa gramatika upang hindi madaling makalimutan ng mga mag-aaral ang pinag-aralan. Lumabas sa pag-aaral ni Mintas (2013) na isa sa salik na nakaaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral ay ang kakulangan sa mga pagsasanay dahil kung walang ibinibigay na pagsasanay, hindi matataya kung gaano ang natutuhan ng mga mag-aaral sa paksang pinag-aralan. Ayon kay Barlis (2001) na kung salat sa mga pagsasanay ang mga mag-aaral, magkakaroon ng kahungkagan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Napakahalaga ang pagsasanay dahil ang mga kamaliang kadalasang magagawa ng mga mag-aaral ay kaagad na maiwawasto sa pamamagitan ng masusing paggabay ng mga guro. Dito malalaman ng guro kung aling mga kasanayan ang dapat pang bigyang-diin sa pagtuturo, kung tama o hindi ang pamamaraan ng pagtuturo at kung paano ang pagsasaayos o paglalahad ng paksang-aralin. Sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pamamagitan din nito ay matutuklasan ng mag-aaral ang kaniyang mga kagalingan (strengths) at mga kahinaan (weaknesses) at kung paano niya mapapabuti (Mayos et al., 2008).

Mga Aklat o Sanggunian

Ang mga aklat at iba pang sanggunian na ginagamit ng guro sa pagtuturo ay halimbawa ng kagamitang panturo. Ayon kay Dines (2000), ang kagamitang panturo ay anumang karanasan o bagay na ginagamit ng guro bilang pantulong sa paghahatid ng mga katotohanan, kasanayan, saloobin, kaalaman, palagay, pang-unawa at pagpapaahalaga sa mga mag-aaral upang lalong maging kongkreto, tunay, dinamiko at ganap ang pagkatuto. Ayon sa mga mag-aaral:

Nakatutulong ang mga libro at iba pang sanggunian dahil nadadagdagan ang aming kaalaman dahil marami kaming nakakalap na impormasyon, ngunit sa kasamaang palad, kaunti lamang ang mga libro kaya naghihiraman kami. Kapag pupunta kami sa library, nahiram na ng iba naming kaklase ang libro, kaya sa internet na lang kami umaasa. (M10)

Isang salik ay kawalan ng mga libro at ipa pang resources para makapagsaliksik. (M13)

Isang suliranin pa rin hanggang sa kasalukuyan ang kakulangan ng aklat kung kaya nanghihiram na lamang ang mga mag-aaral. Dahil kulang ang mga aklat panggramatika, wala silang mapagkukunan ng karagdagang impormasyon. Ang masaklap, ayon kay Santos (2012), limitado ang natututuhan sapagkat walang napagkukunan ng karagdagang impormasyon na nakalilinang sa talinong taglay ng isang tao mula sa iba't ibang karunungan. Ang kakulangan ng mga sanggunian na ginagamit ng mga mag-aaral at mga guro ay nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kakayahang panggramatika. Kinakailangang maging mahusay ang isang indibidwal sa pagsasanay ng wika upang magamit at matutuhan ito nang maayos. Nangangahulugan lamang na kailangang maging mapamaraan ang guro upang sa gayon ay mapataas ang performans ng mga mag-aara. Kahit walang mga libro at iba pang materyal na gagamitin ay kailangang makalikha ang guro ng kagamitan na makatutulong sa kaniyang pagtuturo. Ayon kay Dionisio (2013), ang paggawa ng kagamitang panturo o iba pang interbensyon ang kadalasang ginagawa ng mga guro upang masolusyunan ang kakulangan ng mga libro. Sa pamamagitan ng kagamitang panturo na

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

ito, nakalilikha tayo ng tiyak na sitwasyon o aktuwal na pangyayaring humahamon sa mga mag-aaral upang mag-isip, magpaliwanag, gumawa ng desisyon at magbigay ng kasagutan sa mga problemang mahirap man o madali na hindi nila makakalimutan sa kanilang buhay, lumipas man ang panahon. Mahihikayat silang sumuri at gumawa ng isang hakbangin.

IV. KONGKLUSYON

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo:

1. Kailangan pang paunlarin ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino.

2. May mga salik na nakakaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.

V. REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan at nabuong kongklusyon, iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. Paunlarin ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagsasanay na makatutulong sa kanilang lubos na pagkatuto.

2. Isaalang-alang ang iba’t ibang salik na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral para sa paghahanda ng mga gawain o pamamaraan na makatutulong sa kanilang pagkatuto.

3. Magplano ang mga guro ng mga palihan o iba pang *seminar* upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

TALASANGGUNIAN

[1.] Abyado, R. O. (2016). Pagsasanay pangwika para sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino (Unpublished doctoral dissertation). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[2.] Acosta, M. T. (2006). Antas ng kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral ng SLU-LHS (Unpublished master's thesis). Saint Louis University, Baguio City.

[3.] Atas, C. P. (2013). A training design to enhance the students' phonological proficiency (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[4.] Badayos, P. B. (1999). Metodolohiya sa pagtuturo ng wika: Mga teorya, simulain, at istatistika. Grandwater Publications and Research Corporation.

[5.] Bendalan, N. B. (2006). Panlinggwistikang pagsusuri sa mga talaarawan ng mga kadete ng Philippine Military Academy (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[6.] Capinlac, J. L. (2018). Mga hamon at estratehiya sa pagtuturo ng obra maestrang Noli Me Tangere tungo sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[7.] Cortez, D. B. (2005). Mga kamalian sa pagsasalita at pagsusulat ng mga mag-aaral sa Baguio Colleges Foundation: Isang pagsusuri (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[8.] Chomsky, N. (1965). Aspects of the theory of syntax. MIT Press.

[9.] Cresswell, J. W. (2007). An introduction to mixed methods research. SSP, University of Nebraska–Lincoln.

[10.] Dionisio, M. D. (2013). Mga salik na nakaaapekto sa performans sa pagbasa ng mga mag-aaral (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[11.] Dines, E. G. (2012). Sosyo-sikolingguwistikang kakayahan ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino tungo sa paglinang ng mga kagamitang pampagtuturo (Unpublished dissertation). Saint Louis University, Baguio City.

[12.] Dinglasan, R. D. (2001). Retorikang Filipino. Rex Book Store.

[13.] Epistola, L. C. (2000). Pambalarilang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng kursong edukasyon ng Baguio Colleges Foundation (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[14.] Galong, A. C. (2015). Modyul sa maramihang intelihensya ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Pines City National High School (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[15.] Gannaban, M. H. (2013). SNS: Isang estratehiya sa larangan ng pagtuturo. Retrieved from http://ejournals.ph/article.php?id=6232

[16.] Kis-ing, B. C. (2009). Sining ng pagtatanong sa pagsusulit sa wika ng mga guro sa Saint Louis University (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[17.] Lachica, V. S. (1999). Wika ng retorika. MK Imprint.

[18.] Lartec, J. K. (2004). Pagsusuring lingguwistika at sikolingguwistika sa talaarawan ng mga gurong mag-aaral sa kolehiyo ng edukasyong pangguro ng Benguet State University (Unpublished dissertation). University of the Cordilleras, Baguio City.

[19.] Lartec, N. C. (2002). Pasalitang kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral ng Filipino sa Sablan National High School (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[20.] Lartec, J. K., Dotimas, S. D., Maraño, C. R., Pitas, M. P., Polido, J. L., & Senior, K. L. (2014). Ang paggamit ng inklusibong wika sa Filipino tungo sa pagtamo ng inklusibong edukasyon. Retrieved from https://ejournals.ph/article.php?id=10017

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[21.] Lartec, N. C., & Perey, G. M. (2010). Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa University of the Cordilleras (Unpublished master's thesis). University of the Cordilleras, Baguio City.

[22.] Lartec, J. K., Espique, F., D. Stanawan, E. P. Ramos, & S. D. Dotimas. (2011). Introduksiyong modyular sa pananaliksik. Anvil Publishing, Inc.

[23.] Lee, A. M. (2014). Instructional intervention. Retrieved from www.understood.org/en/learning-thinking-differences/treatments-approaches/educational-strategies/instructional-intervention-what-you-need-to-know

[24.] Macaltao, M. (2017). Antas ng kasanayang pampagkatuto ng Grade 11 tungo sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[25.] Mayos, N. S., Gutierez, J. C., & Tica-A, P. F. (2008). Ang guro ng bagong milenyo: Mga kagamitang panturo sa Filipino. Jimcy Publishing House.

[26.] Marigza, R. C. (2014). Kakayahang pang-akademiko sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Saint Louis High School – Center Department (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[27.] Mintas, A. A. (2013). Kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[28.] Ngamoy, B. C. (2002). Mga estratehiyang pangkomunikatibo sa pagtuturo ng Filipino sa kumbinasyong klase sa distrito ng Bagulin, La Union (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[29.] Palazo, M. Z. (2003). Sikolinggwistikang pagsusuri sa pagsusulat ng talaarawan ng mga mag-aaral sa unang taon ng Benguet State University (Unpublished dissertation). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[30.] Sandaaan, N. T. (2018). Mga estratehiyang tugon sa mga hamon sa pagtuturo ng pananaliksik sa senior high school (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[31.] Santiago, A. O., & Tiangco, N. G. (2003). Makabagong balarilang Filipino binagong edisyon. Rex Printing Company Inc.

[32.] Santos, M. A. (2010). Performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Atok National High School – Main sa National Achievement Test (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[33.] Silberman, M. (2016). Active training: A handbook of techniques, designs, case examples, and tips. John Wiley & Sons, Inc.

[34.] Tabec, S. P. (2009). Kasanayang pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa unang taon ng kursong edukasyon sa Saint Louis University (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[35.] Tanawan, D. S., Lartec, J. K., & Nacin, A. A. (2007). Istruktura ng wikang Filipino. Jimcy Publishing House.

[36.] Tibagacay, M. B. (2001). Karaniwang kamalian sa pagsulat sa wikang Filipino ng mga kadete sa akademyang militar ng Pilipinas (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[37.] Vega, V. A., & Prieto, N. G. (2006). Facilitating learning. Bookts atbp. Publishing Corp.

[38.] Wanden, K. E. (2017). Ang strategic intervention material sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino (Unpublished master's thesis). Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved